8

# Modelong Banghay Aralin sa Filipino

Kuwarter 2

Aralin

8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kuwarter 2: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School - Valenzuela)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO, UNANG KUWARTER, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, pagiging malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahong ng pananakop ng Estados Unidos at tekstong impormasyonal (persweysib) para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *video* o animasyon na isinasalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Naibabahagi ang nabuong proseso sa paglikha ng video o animasyon sa napiling platform na isinasaalang-alang ang kasanayang komunikatibo (pag-uulat) at etikal na kasanayan at pananagutan<br>1. Nakapipili ang mga platapormang gagamitin sa pagbabahagi ng multimodal<br>2. Naisasaalang-alang ang mga kasanayang komunikatibo sa pag-uulat<br>3. Nailalapat ang etikal na kasanayan at pananagutan sa pagbabahagi ng rebyu ng aklat |
| **D. Nilalaman** | **Pagsasapinal at Presentasyon ng Tekstong Multimodal**<br>Rebyu ng Aklat |
| **E. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**



*CapCut - Video Editor. (n.d.). Retrieved May 10, 2024, from App Store website: https://apps.apple.com/us/app/capcut-video-editor/id1500855883*

*PowerDirector - Video Editor. (2024, May 10). Retrieved May 10, 2024, from App Store website: https://apps.apple.com/in/app/powerdirector-video-editor/id1473574597*

*AFD. (n.d.). Archive icon flat black white sketch Icons in .svg .png .ai .eps format free and easy download unlimit id:6919630. Retrieved May 25, 2024, from all-free-download.com website: https://all-free-download.com/free-icon/download/archive_icon_flat_black_white_sketch_6919630.html*
*KineMaster-Video Editor&Maker - Apps on Google Play. (n.d.). Retrieved May 10, 2024, from play.google.com website: https://play.google.com/store/apps/details?id=com.nexstreaming.app.kinemasterfree&hl=en_US*
*Microsoft PowerPoint. (2024, April 27). Retrieved May 10, 2024, from Wikipedia website: https://en.wikipedia.org/wiki/Microsoft_PowerPoint#/media/File:Microsoft_Office_PowerPoint_(2019%E2%80%93present).svg*
*Orito, R. (n.d.). KODIGO NG ETIKA NG PAMAMAHAYAG SA PILIPINAS. Www.academia.edu. Retrieved from https://www.academia.edu/9397890/KODIGO_NG_ETIKA_NG_PAMAMAHAYAG_SA_PILIPINAS*
*Simon, J. (2019, April 23). Why Video is Important: What You Need to Know | Blog | TechSmith. Retrieved May 25, 2024, from Welcome to the TechSmith Blog website: https://www.techsmith.com/blog/why-video-is-important/*
*TheKnowledgeAcademy. (2023, August 16). What is PowerPoint?: Introduction, Features, Uses & Benefits. Retrieved May 10, 2024, from www.theknowledgeacademy.com website: https://www.theknowledgeacademy.com/blog/what-is-powerpoint/*
*Video Editor & Maker - InShot – Apps on Google Play. (n.d.). Retrieved May 10, 2024, from play.google.com website: https://play.google.com/store/apps/details?id=com.camerasideas.instashot&hl=en_IN*
*Wikipedia Contributors. (2019, January 9). Animation. Retrieved May 7, 2024, from Wikipedia website: https://en.wikipedia.org/wiki/Animation*
*Yunit 1 Ang Sanaysay. (2024). Retrieved May 6, 2024, from Coursehero.com website: https://www.coursehero.com/file/107223980/Sanaysaydocx/*

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br>1. Maikling Balik-aral<br>Pangkatang Gawain - BAYBAY TAO – Hatiin ang klase sa dalawa. Maghanda ng mga letra, iprint ang bawat titik sa isang bond paper. Bigyan ng letra ang bawat miyembro ng pangkat. Babaybayin (i-spell) ng pangkat ang salita na nawawala sa pangungusap. Gagawin nila ito sa pamamagitan ng paglinya ng mga mag-aaral upang mabuo ang salita. Bigyan ng 10 segundo ang bawat pagbuo sa letra. Narito ang mga letra na ihahanda bago magsimula:<br><br>| K | B | D | G | A | Y | A | G | M | R | I | S | W | A | L | P | O | S | E | S | O | H | N |<br><br>1. Ang tekstong ___________ ang nagsasalin ng ideya o impormasyon gamit ang mga larawan, grapiko, disenyo at iba pang elemento ng sining sa pagpapahayag ng mensahe.</td><td>Sagot sa BAYBAY TAO:<br>1. BISWAL<br>2. GRAP<br>3. DAYAGRAM<br>4. PROSESO<br>5. HANAY<br>6. KOPYA<br><br>Dahil may 23 letra, maaaring mag-adjust ang guro sa bilang mga mag-aaral sa isang pangkat depende sa kung ano</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Ang biswal na representasyon na kumakatawan sa isang sistema ng ugnayan ng iba't ibang bagay sa pamamagitan ng linya, bar, tuldok at iba pa ay tekstong biswal na ___________.<br>3. Ang isang ___________ ay krokis, dibuho o drowing na kakikitaan ng mga bahagi ng isang bagay na ipinaliliwanag o ibig ipakita.<br>4. Ang iskematiks ay nagpapakita ng representasyon ng estruktura ng isang sistema o ng mga pamamaraang kaugnay sa isang _____________.<br>5. Ang talahanayan ay biswal na nagpapakita ng sistematikong pagsasaayos ng mga impormasyon sa anyong _____________ at kolumna.<br>6. Ang larawan ay biswal na eksaktong _______ ng itsura ng mga bagay o pangyayari na maaaring nakarekord sa *film* o digital na anyo.<br><br>**2. Pidbak**<br>Balikan ang ginawang borador ng rebyu ng aklat sa nakaraang linggo. Sagutin ng mga mag-aaral ang mga tanong kaugnay ng nabuong borador.<br>*1. Wasto mo bang maipahahayag ang impormasyon mula sa iyong rebyu sa payak na paraan?*<br>*2. Malinaw mo bang maipakikita ang mga ideya sa tulong ng mga piniling uri ng elementong biswal?* | ang lalapat sa kalagayan ng klase. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**SURING-BISWAL** - Suriin ang *pie* grap na nagpapakita ng sarbey ng *Wyzowl's State of Video Marketing*. Ano ang ipinapakita ng resulta ng mga sagot ng mga respondent sa tanong sa sarbey? Talakayin ito sa klase. | Narito ang link patungkol sa binanggit na sarbey sa SURING-BISWAL.<br>https://www.techsmith.com/blog/why-video-is-important/ |





Itala sa ibaba ang implikasyon na ipinapakita ng resulta ng sarbey:

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**KRUSIGRAMA** – Buuin ang krusigrama gamit ang mga kahulugan ng salita ibaba. Pagkatapos sagutan, balikan ang mga salita at talakayin ito sa klase.




**PAHALANG**

2. Isang batayan na nagdidikta kung ano ang dapat gawin ng isang tao o indibidwal bilang kaniyang obligasyon, karapatan, katuwiran, at halaga.

4. Isang teknik kung saan ang nabuong mga imahe ng isang presentasyon ay gumagalaw sa isang makatotohanang paraan.


5. Pagwawasto o pagsasaayos ng mga detalye upang maihanda sa publikasyon o presentasyon sa publiko.

**PABABA**

1. Paaran, serbisyo o site na naghahatid ng media sa mga tagabasa o manonood.

3. Nairekord na gumagalaw na imaheng biswal na may layuning ipakita sa isang presentasyong ibobrodkast.

Sagot sa **KRUSIGRAMA**:



| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Presentasyon ng Tekstong Multimodal (Rebyu ng Aklat)**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 1 –** Unawain ang tala. Salungguhitan ang mga salita na nagpapakita ng mga dapat tandaan sa pag-uulat.<br><br>**Pag-uulat ng Rebyu ng Aklat**<br><br>Ang **rebyu ng aklat** ay detalyadong pag-aanalisa, pag-aaral o pagsusuri sa mga elemento o istruktura ng isang aklat. Ang pagsulat ng rebyu nito ay paraan upang maipahayag ang kaisipan, saloobin, reaksyon, kuru-kuro at damdamin hinggil sa aklat na nabasa na sinusuportahan naman ng mga batayan mula rin mismo sa aklat. Sa pag-uulat ng isang rebyu ng aklat, narito ang ilang bagay na dapat tandaan:<br><br>1. Maging malinaw sa pagpapahayag. Maisasagawa ito kung makapagbibigay ng mahahalagang punto na ibig iparating ng manunulat sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang payak at mauunawaan ng babasa ng iyong susulating rebyu.<br>2. Magbigay ng pagpapatunay sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga tiyak na bahagi mula sa aklat. Maaaring isa o higit pang mga pagpapatunay upang mapatatag ang puntong pinatutunayan.<br>3. Isaayos ang mga ideya sa paraang hindi masalimuot, lohikal o may organisadong kaisahan at makapagbibigay ng maayos na daloy ng mga kaisipan. Makatutulong kung bubuo muna ng borador ng rebyu na susulatin.<br>4. Suriin ang mga elementong gaya ng paksa, anyo o estruktura, kaisipan, wika, estilo, damdamin, layon at mensahe. Ang mga elementong ito ay mainam na maging bahagi ng balangkas na iyong bubuuin.<br>5. Sa huli, dapat na makatotohanan, kapanipaniwala at makabuluhan ang mangibabaw na katangian ng isang mahusay na rebyu ng aklat.<br><br>**1. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 1 - ICONATIKS!** Pagtapat-tapatin ang pangalan ng aplikasyon sa pagbuo ng tekstong multimodal sa icon nito. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Powerpoint — A. ***Maghanap ng logo ng “Capcut”***<br>2. Inshot — B. ***Maghanap ng logo ng “Microsoft PowerPoint”***<br>3. Capcut — C. ***Maghanap ng logo “Kinemaster”***<br>4. Kinemaster — D. ***Maghanap ng logo “Inshot”***<br>5. PowerDirector — E. ***Maghanap ng logo “PowerDirector”*** | Sagot sa ICONATIKS:<br>1. B<br>2. D<br>3. A<br>4. C<br>5. E<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.* |
| | **Gawain 2 –** Unawain ang mga plataporma sa presentasyon ng video o animasyon. Mula dito ay pumili ang mag-aaral ng angkop na ilalapat nila sa kanilang presentasyon.<br><br>**Mga Plataporma sa Presentasyon ng Video o Animasyon**<br>Ilan sa mga mungkahing aplikasyon kung saan maaaring ayusin o iedit ang borador ng ginawang rebyu ng aklat sa anyong video o animasyon ay ang mga sumusunod:<br>1. ***PowerPoint*** – isa itong popular na *software* na binuo ng *Microsoft (MS).* Isang programang may iba’t ibang *features* at *tools* na ginagamit upang mapagsama-sama ang mga salita, larawan, tunog, *video* at animasyon at iba pa upang maipahayag ang impormasyon ukol sa isang paksa sa epektibong pamamaraan. Nagagawa rin sa programang ito na maiconvert sa video ang binuong presentasyon. | Para sa **Gawain 2**, maaaring gumamit ang mga mag-aaral ng wala sa mga mungkahing plataporma. Iyon ay nasa paggabay na lamang ng guro. |

2. **Inshot** – isang mainam na *video editor* at *video maker* mula sa Shantanu Pte. Ltd. kung saan ang presentasyon ay maaaring lakipan ng musika, *transition effects*, mga salita, *emoji, keyframe, slow motion, collage* at iba pang elemento ng animasyon.

3. **Capcut** – isang video editor application mula sa Bytedance Pte. Ltd. Na kung saan maaaring maputol o mapaikli, maslipt o di kaya ay ma-merge ang mga videos at malagyang ng iba't ibang effects ang isang animasyon. Maaari rin na magamit ang text-to-speech nito sa iba't ibang wika at boses.

4. **Kinemaster** – ito ay isang video editing tool mula sa *KineMaster Corporation* na idinisenyo upang magamit sa mga presentasyong ma-edit at maiayos ang mga *templates* sa iba't ibang estilo at malagyan ng *visual effects*, mas mapaghusay ang transisyon, paglalagay ng impormasyon, *stickers, caption* at tunog o musika.

5. **PowerDirector** – idinisenyo ito ng kompanyang *Cyberlink* upang magamit sa pag-eedit ng presentasyon lalo na sa pag-adjust ng linaw, tingkad, at kapal ng kulay, pagsasama ng mga larawan at video sa mga templates, paglalagay ng effects, musika, tunog at iba pa.

**IKATLONG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**


**TEKI MUNA! –** Isagawa ng mga mag-aaral ang mga mungkahing hakbang sa pagbuo ng animasyon. Maaaring pagtulungan ang mga magkakaklase sa paglalapat ng rebyu ng aklat.

**Mungkahing Hakbang sa Pagbuo ng Animasyon**

Ito ay ilan lamang sa mga mungkahing hakbang sa pagbuo ng presentasyong video o animasyon.

1. Pumili ng *template* na sa iyong palagay ay babagay sa bubuuing rebyu.
2. Ilapat sa *slides* ang mga impormasyon na nais talakayin batay na rin sa borador na iyong ginawa.
3. Ilakip rin sa *slide*s ang mga napiling uri ng biswal na kaugnay sa ideyang nais mong talakayin. Tandaan na isaalang-alang ang kaangkupan ng hugis, kulay, linya at laki ng mga ito.
4. Maaari mo rin lagyan ng *visual effects*, animasyon, tunog o kahit maiikling *video clips* ang presentasyon para sa makatawag-pansin awtput.

Para sa **TEKI MUNA!**, Maaaring magbago-bago ang mga mungkahing hakbang depende sa aplikasyon na gagamitin at mga *features* na nais ilapat sa rebyu na nasulat sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano.

| | | |
|---|---|---|
| | 5. I-*preview* ang daloy ng iyong gawa at i-edit ito hanggang sa makabuo ng isang mahusay na presentasyong multimodal sa paraang *video* o animasyon.<br>7. Huwag kaliligtaang i-save ang gawa at humanda para sa presentasyon nito sa klase o sa pagbabahagi nito sa napiling *platform.* | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**I-ARCHIVE MO 'YAN.** Itala ng mag-aaral sa mga patlang sa papel na nasa *folder* ang bagong kaalaman o kasanayang natutuhan nila sa pag-aaral sa paksa sa linggong ito. Magbahaginan ng mga sagot.<br><br><br><br>**1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**TSEKIS** – Unawain ang bawat konsiderasyong etikal sa pagbabahagi ng tekstong multimodal. Lagyan ng tsek o ekis ang espasyo bago ang bilang batay sa iyong sagot sa mga tanong. Kung sakali at may bilang na ekis, isaayos ng mag-aaral ang gawa. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Konsiderasyong Etikal sa Pagbabahagi ng Tekstong Multimodal**<br>1. Naging tapat ka ba sa pagpapahayag lalo na sa pagbabahagi ng mga impormasyong tumpak o wasto na maaaring pagbatayan ng mga mambabasa?<br><br>2. Ipakita mo ba ang magkabilang panig upang maging pantay o balanse sa pagpapahayag? Hinayaan mo bang ang mga manonood ang mag-isip upang magpasya ng kanilang paniniwalaan?<br><br>3. Hindi ka ba nagpakita ng mga impormasyong maaaring maglaman ng di-makatarungang pagtuligsa o makasisira sa iba na maaaring pagmulan ng di pagkakaunawaan?<br><br>4. Iginalang mo ba ang paniniwala o opinyon ng iba? Kaugnay nito, isaalang-alang mo ba ang mga target na manonood o magbabasa ng iyong ibabahagi o ilalathala?<br><br>5. Kinilala mo ba ang personal na sinabi o likha ng iba na isasama mo sa pagbabahagi? Ang mga litrato, imahe at iba pang larawan na hindi mo sariling pag-aari ay binigyan mo ba ng kredito o pagkilala ang nagmamay-ari nito? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **E. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pamantayang Pagganap**<br><br>**NOW SHOWING.** Presentasyon ng mga likhang video/animasyon.<br>Narito ang mga hakbang na susundin:<br><br>1. Ipaliwanag ng guro ang magiging pamantayan sa pagmamarka sa presentasyon gamit ang rubriks sa ibaba.<br>2. Itakda ang mga mag-aaral na magmamarka sa gawa ng kanilang mga kaklase.<br>3. Panoorin ang mga presentasyon ng video o animasyon ng rebyu ng aklat.<br>4. Magbigay ng puna o rekomendasyon ang kamag-aral o guro tungkol sa napanood na presentasyon. | Sa halip na pagsusulit, ang bahaging ito ay pagmamarka sa presentasyon ng pamantayang pagganap para sa linggong ito. |

**Rubriks sa Presentasyon ng Video/Animasyon**
**(Rebyu ng Aklat)**

| PAMANTAYAN | DESKRIPSYON | PUNTOS | Nakuhang Puntos (Mula sa Kamag-aral) | Nakuhang Puntos (Mula sa Guro) |
|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan** | Malinaw, kompleto at wastong naipakita ang mga mahahalagang detalye at ideya sa rebyu. | *5* | | |
| **Pagkamalikhain** | Gumamit ng makatawag-pansin at angkop na estratehiya sa presentasyon | *5* | | |
| **Presentasyon** | Kaaya-ayang panoorin ang ginawang video (napapanood hanggang likuran, hindi masakit sa mata ang ginamit na kumbinasyon ng kulay, linya, hugis, imahe at iba pa.) | *5* | | |
| **Etikal na Kasanayan** | Sumunod sa mga pamantayan ng etikal na kasanayan at pananagutan sa pagbabahagi ng presentasyon | *5* | | |
| | **Kabuoan** | *20* | | |

**Puna/Rekomendasyon:**
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>I-upload o ibahagi sa napiling social media site ang gawang video / animasyon ng rebyu ng aklat. Tandaan na isaalang-alang ang etikal na kasanayan at pananagutan sa pagbabahagi ng presentasyon.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">F. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>G. Pagninilay</td><td colspan="3">▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>